“Ang paglulunsad ng AGOS sa panahon ng pandemya ay isang paraan ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman na mailugar ang kahalagahan at kabuluhan ng mga malikhaing akdang pampanitikan sa kasalukuyan. Patunay lamang ito na hindi nagagapi ang paglikha ng sining sa panahon ng pandemya at krisis. Sa katunayan, mas lalo o lubos pang kailangan ang paglikha ng mga akdang pampanitikan bilang instrumento sa pagpapatunay, pagpapanatili, at pagpapatibay ng pagkatao at pagkabansa.”

**ELFREY VERA CRUZ-PATERNO**, Tagapamahalang Patnugot, mula sa “*Paggigiit*”

“Ito ang kauna-unahang isyu ng Agos, refereed journal na naglalaman ng mga malikhaing akdang pampanitikan tulad ng dagli, tula, maikling kuwento, at sanaysay na pumapaksa sa iba’t ibang usaping panlipunan. Isinisiwalat ang mga isyung pampolitika, pang-ekonomiya, pangkultura, habang isinasatitik at isinasalaysay ang personal at di-personal na mga karanasan. Nagiging daan ang journal na ito upang maipakita ang talas ng pandama at pagkamalikhain ng kaisipan ng mga manunulat sa pag-unawa sa lipunang kinabibilangan at bagong lipunang inaasam.”

**KATHERINE TOLENTINO-JAYME,** Kawaksing Patnugot, mula sa “*Pagsulong*”

“Pagtatangka ang Agos na mag-ambag sa diskursong panlipunan sa paghahanap ng epektibo at makataong solusyon o resolusyon sa mga sakit at suliranin ng bayan. Lalo na sa panahong ito na humaharap ang Pilipinas sa isang krisis pangkalusugan bunga ng pandemya. Lalo na sa panahong ito na malakas ang ragasa ng lisyang kamalayan, pekeng balita, pagsasadlak sa kalayaan sa paghahayag at pamamahayag, walang-kahihiyang pagsusuko ng soberanya ng bansa sa bagong imperyalista, pagsikil sa kalayaan sa pagkilos, paghahasik ng terorismo ng estado, at karahasan at pagyurak sa karapatang pantao sa ilalim ng isang populistang diktador. Saan lulugar ang manunulat – ang malikhaing mamamayan – sa gitna ng gulo, sa gitna ng guho, sa gitna ng gunaw na nilikha ng isang naghihingalo ngunit nangungunyapit na halimaw?”

**MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA**, Punong Patnugot, mula sa “*Pag-agos*”

agos
Tomo I, Blg. 1, 2020

**SENTRO NG WIKANG FILIPINO**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON